

Bantay Yugto 21

Ang Bantay ay dapat May Paningin at Gawa

A. “1 At namatay si Samuel; at nagpipisan ang buong Israel, at pinanaghuyan siya, at inilibing siya sa kaniyang bahay sa Rama. At bumangon si David, at lumusong sa ilang ng Paran. 2 At may isang lalake sa Maon, na ang mga pag-aari ay nasa Carmelo; at ang lalake ay lubhang dakila, at siya'y mayroong tatlong libong tupa, at isang libong kambing; at kaniyang ginugupitan ng balahibo ang kaniyang tupa sa Carmelo. 3 Ang pangalan nga ng lalake ay Nabal; at ang pangalan ng kaniyang asawa ay Abigail: at ang babae ay matalino, at may magandang pagmumukha; nguni't ang lalake ay masungit at masama sa kaniyang mga gawa; at siya'y supling sa sangbahayan ni Caleb. 4 At narinig ni David sa ilang na ginugupitan ni Nabal ng balahibo ang kaniyang tupa. 5 At nagsugo si David ng sangpung bataan, at sinabi ni David sa mga bataan, Umahon kayo sa Carmelo, at kayo'y pumaroon kay Nabal, at batiin ninyo siya sa aking pangalan: 6 At ganito ang sasabihin ninyo sa kaniya na nabubuhay na maginhawa, Kapayapaan nawa ang sumaiyo, at kapayapaan nawa ang sumaiyong sangbahayan, at kapayapaan nawa ang suma lahat ng iyong tinatangkilik. 7 At gayo'y aking narinig na ikaw ay nagpapagupit ng balahibo ng tupa; ang iyong mga pastor nga ay nasa sa amin, at hindi namin inano sila, o nagkulang man ng anomang bagay sa kanilang buong panahon na kanilang ikinaroon sa Carmelo. 8 Tanungin mo ang iyong mga bataan at kanilang sasaysayin sa iyo: kaya't makasumpong nawa ng biyaya sa iyong mga mata ang mga bataan; sapagka't kami ay naparito sa mabuting araw: isinasamo ko sa iyo, na ibigay mo ang anomang masumpungan mo ng iyong kamay, sa iyong mga lingkod, at sa iyong anak na kay David. 9 At nang dumating ang mga bataan ni David, kanilang sinalita kay Nabal ang ayon sa lahat ng mga salitang yaon sa pangalan ni David, at nagsitahimik. 10 At sinagot ni Nabal ang mga lingkod ni David, at nagsabi, Sino si David? at sino ang anak ni Isai? maraming mga bataan ngayon sa mga araw na ito na nagsisilayas bawa't isa sa kaniyang panginoon. 11 Akin nga bang kukunin ang aking tinapay at ang aking tubig, at ang aking hayop na aking pinatay dahil sa aking mga manggugupit, at aking ibibigay sa mga tao na hindi ko nakikilala kung taga saan? 12 Sa gayo'y ang mga bataan ni David ay pumihit sa kanilang lakad, at nagsibalik, at naparoon, at isinaysay sa kaniya ang ayon sa lahat ng mga salitang ito. 13 At sinabi ni David sa kaniyang mga lalake, Ibigkis ng bawa't isa sa inyo ang kaniyang tabak. At nagbigkis ang bawa't isa ng kaniyang tabak; at si David ay nagbigkis din ng kaniyang tabak: at ang umahon na sumunod kay David ay may apat na raang lalake; at naiwan ang dalawang daan sa daladalahan. 14 Nguni't isinaysay ng isa sa mga bataan kay Abigail, na asawa ni Nabal, na sinasabi, Narito, si David ay nagsugo ng mga sugo mula sa ilang upang bumati sa ating panginoon; at kaniyang tinanggihan. 15 Nguni't ang mga lalake ay napakabuti sa amin, at hindi kami sinaktan, o nagkulang man ng anomang bagay habang kami ay nakikisama sa kanila, nang kami ay nasa mga parang: 16 Sila'y naging kuta sa amin sa gabi at gayon din sa araw buong panahong aming ikinaroon sa kanila sa pagaalaga ng mga tupa. 17 Ngayon nga'y iyong alamin at dilidilihin kung ano ang iyong gagawin; sapagka't ang kasamaan ay ipinasiya na laban sa ating panginoon, at laban sa kaniyang buong sangbahayan: sapagka't siya'y isang hamak na tao, na sinoma'y hindi makapakiusap sa kaniya. 18 Nang magkagayo'y nagmadali si Abigail, at kumuha ng dalawang daang tinapay, at dalawang balat ng alak, at limang handang tupa, at limang takal ng trigo na sinangag, at isang daang kumpol na pasas, at dalawang daang binilong igos, at ipinagpapasan sa mga asno. 19 At sinabi niya sa kaniyang mga bataan, Magpauna kayo sa akin; narito ako'y susunod sa inyo. Nguni't hindi niya isinaysay sa kaniyang asawang kay Nabal. 20 At nagkagayon na samantalang siya'y nakasakay sa kaniyang asno at lumulusong sa isang kubling dako ng bundok na narito, si David at ang kaniyang mga lalake ay lumulusong na patungo sa kaniya, at sinalubong niya sila. 21 Sinabi nga ni David, Tunay na walang kabuluhan ang aking iningatan ang lahat na tinatangkilik ng taong yaon sa ilang, na anopa't hindi nawala ang anoman sa lahat na nauukol sa kaniya: at kaniyang iginanti sa akin ay masama sa mabuti. 22 Hatulan nawa ng Dios ang mga kaaway ni David, at lalo na, kung ako'y magiwan ng labis sa lahat na nauukol sa kaniya sa pagbubukang liwayway kahit isang batang lalake. 23 At nang makita ni Abigail si David, ay nagmadali siya, at lumunsad sa kaniyang asno, at nagpatirapa sa harap ni David at yumukod sa lupa. 24 At siya'y nagpatirapa sa kaniyang mga paa at nagsabi, Mapasa akin, panginoon ko, mapasa akin ang kasamaan: at isinasamo ko sa iyo na iyong papagsalitin ang iyong lingkod sa iyong mga pakinig, at iyong dinggin ang mga salita ng iyong lingkod. 25 Isinasamo ko sa iyo, na ang aking panginoon ay huwag makitungo sa lalaking ito na hamak, sa makatuwid baga'y kay Nabal; sapagka't kung ano ang kaniyang pangalan ay gayon siya: Nabal ang kaniyang pangalan, at ang kamangmangan ay sumasakaniya: nguni't akong iyong lingkod, hindi nakakita sa mga bataan ng aking panginoon, na iyong sinugo. 26 Ngayon nga, panginoon ko, buhay ang Panginoon, at buhay ang iyong kaluluwa, yamang ikaw ay pinigil ng Panginoon sa pagbububo ng dugo, at sa panghihiganti mo ng iyong sariling kamay kaya nga ang iyong mga kaaway at yaong mga umuusig ng kasamaan sa aking panginoon ay maging gaya ni Nabal. 27 At gayo'y itong kaloob na dinala ng iyong lingkod sa aking panginoon ay mabigay sa mga bataan na sumusunod sa aking panginoon. 28 Isinasamo ko sa iyo na iyong ipatawad ang pagkasalangsang ng iyong lingkod: sapagka't tunay na gagawin ng Panginoon ang aking panginoon ng isang sangbahayan na tiwasay, sapagka't ibinabaka ng aking panginoon ang mga pagbabaka ng Panginoon; at ang kasamaan ay hindi masusumpungan sa iyo sa lahat ng iyong mga araw. 29 At bagaman bumangon ang isang lalake upang

habulin ka, at usigin ang iyong kaluluwa, gayon ma'y ang kaluluwa ng aking panginoon ay matatali sa talian ng buhay na kasama ng Panginoon mong Dios; at ang mga kaluluwa ng iyong mga kaaway, ay pahihilagpusin niya, na parang mula sa gitna ng isang panghilagpos. 30 At mangyayari, pagka nagawa ng Panginoon sa aking panginoon ang ayon sa lahat ng mabuti na kaniyang sinalita tungkol sa iyo, at kaniyang naihalal ka na prinsipe sa Israel; 31 Na ito'y hindi magiging kalumbayan sa iyo o kutog man ng loob sa aking panginoon, maging ikaw ay nagbubo ng dugo sa walang kabuluhan, o gumanti ng sa kaniyang sarili ang aking panginoon: at pagka gumawa ang Panginoon ng mabuti sa aking panginoon, alalahanin mo nga ang iyong lingkod. 32 At sinabi ni David kay Abigail, Purihin nawa ang Panginoon, ang Dios ng Israel, na nagsugo sa iyo sa araw na ito upang salubungin ako: 33 At purihin nawa ang iyong kabaitan, at pagpalain ka, na pumigil sa akin sa araw na ito sa pagbububo ng dugo, at sa panghihiganti ng aking sariling kamay. 34 Sapagka't tunay, buhay ang Panginoon, ang Dios ng Israel na siyang pumigil sa akin sa pagsakit sa iyo, kundi ka nagmadali, at pumaritong sumalubong sa akin, tunay na walang malalabi kay Nabal sa pagbubukang liwayway kahit isang batang lalake. 35 Sa gayo'y tinanggap ni David sa kaniyang kamay ang dinala niya sa kaniya: at sinabi niya sa kaniya, Umahon kang payapa na umuwi sa iyong bahay; tingnan mo, aking dininig ang iyong tinig, at aking tinanggap ang iyong pagkatao. 36 At naparoon si Abigail kay Nabal; at, narito, siya'y gumawa ng isang kasayahan sa kaniyang bahay, na gaya ng pagsasaya ng isang hari; at ang puso ni Nabal ay nagalak sa kaniyang loob, sapagka't siya'y lubhang nalango; kaya't siya'y hindi nagsaysay sa kaniya ng anoman, munti o malaki, hanggang sa pagbubukang liwayway. 37 At nangyari sa kinaumagahan, nang ang alak ay mapawi kay Nabal, na isinaysay ng asawa niya sa kaniya ang mga bagay na ito, at nagkasakit siya sa puso, at siya'y naging parang isang bato. 38 At nangyari, pagkaraan ng may sangpung araw, at sinaktan ng Panginoon si Nabal, na anopa't siya'y namatay. 39 At nang mabalitaan ni David na si Nabal ay namatay, ay kaniyang sinabi, Purihin nawa ang Panginoon na siyang nagsanggalang ng aking kadustaan mula sa kamay ni Nabal, at pinigil ang kaniyang lingkod sa kasamaan: at ang masamang gawa ni Nabal ay ibinalik ng Panginoon sa kaniyang sariling ulo. At nagsugo si David upang salitain kay Abigail na kunin siya na maging asawa niya. 40 At nang dumating ang mga lingkod ni David kay Abigail sa Carmelo, ay kanilang sinalita sa kaniya, na sinasabi, Sinugo kami ni David sa iyo, upang kunin ka na maging asawa niya. 41 At siya'y bumangon at nagpatirapa sa lupa, at nagsabi, Narito, ang iyong lingkod ay isang aba upang maghugas ng mga paa ng mga lingkod ng aking panginoon. 42 At nagmadali si Abigail, at bumangon, at sumakay sa isang asno, na kasama ng limang dalaga niya na sumusunod sa kaniya; at siya'y sumunod sa mga sugo ni David, at naging kaniyang asawa.” (1 Samuel 25:1-42 KJV)

Ginawa ni Haring David ang kanyang tungkulin at binantayan ang mga tupa at ang kapakanan ni Nabal. Ang kanyang ugali bilang bantay ay sumunod sa utos ng Dios sa **Deuteronio**, “**1 Huwag mong makikitang naliligaw ang baka ng iyong kapatid o ang kaniyang tupa, at ikaw ay magkukubli sa mga yaon: iyo ngang ibabalik sa iyong kapatid. 2 At kung ang iyong kapatid ay hindi malapit sa iyo, o kung hindi mo siya nakikilala, ay iyo ngang iuwi sa iyong bahay, at mapapasaiyo hanggang sa hanapin ng iyong kapatid, at iyong isasauli sa kaniya. 3 At gayon ang iyong gagawin sa kaniyang asno; at gayon ang iyong gagawin sa kaniyang damit, at gayon ang iyong gagawin sa bawa't nawalang bagay ng iyong kapatid, na nawala sa kaniya at iyong nasumpungan: huwag kang magkukubli. 4 Huwag mong makikitang napahiga sa daan ang asno ng iyong kapatid o ang kaniyang baka at ikaw ay magkukubli sa mga yaon; iyo ngang tutulungan siya upang itindig sila uli.” (Deuteronio 22:1-4 KJV)**

Dapat gampanan ng bantay ang kanyang tungkulin at alagaan ang pag-aari ng iba hangga't nasa posisyon siya na magbantay at gawin iyon. **Hindi natin dapat pabayaang maapektuhan ang mga pag-aari ng iba hangga't nasa ating kamay na gumawa ng isang bagay. Hindi ko sinasabing alagaan ninyo ang masasamang tao. Ngunit malalaman mo lang silang masama pagkatapos mo silang subukan.**

Ang tamang pag-uugali ay magbantay at magmalasakit tulad ng ginawa ni David. Hindi natukso si David na maghangad ng kung ano ang hindi kanya gaya ng sinasabi sa atin ng Salita ng Dios. “17 Huwag mong iimbutin ang bahay ng iyong kapuwa, huwag mong iimbutin ang asawa ng iyong kapuwa, ni ang kaniyang aliping lalake o babae, ni ang kaniyang baka, ni ang kaniyang asno, ni anomang bagay ng iyong kapuwa.” (Exodo 20:17 KJV) Inaasahan ni David na kikilalanin ng lalaki ang ginawa niya sa kanya at gagantimpalaan siya kapag humingi siya ng tulong. Pero tumanggi si Nabal na magbigay ng kahit ano kay David at binastos pa siya. Galit na galit si David sa ginawa ni Nabal at nagsabi pa nga, “**21 Sinabi nga ni David, Tunay na walang kabuluhang aking iningatan ang lahat na tinatangkilik ng taong yaon sa ilang, na anopa't hindi nawala ang anoman sa lahat na nauukol sa kaniya: at kaniyang iginanti sa akin ay masama sa mabuti.” (1 Samuel 25:21 KJV)** Iniisip ni David na ang kanyang paghihirap sa pagbabantay, kasama ang kanyang mga tauhan, sa ari-arian ni Nabal ay walang saysay. Ngunit hindi nakalimot ang Dios sa kanyang pagsusumikap. Ang ginawa ng Dios kay David ay ang mga sumusunod:

1. Hindi Niya pinahintulutan si David na makipag-away sa pamamagitan ng pagpapadala kay Abigail, ang asawa ni Nabal, na nahikayat siyang huwag lumaban.

2. Pinunan ng Dios ang kanyang pangangailangan sa pamamagitan ng mga dala ni Abigail para sa kanya.
3. Naghiganti ang Dios kay David sa pagpaparusa kay Nabal.
4. Ganap na ginantimpalaan ng Dios ang pagsusumikap ni David sa pamamagitan ng pagbibigay sa kanya ng asawa ni Nabal.

Makikita ng Bantay na ang pagbabantay para sa kapakanan ng kanyang kapwa ay hindi walang saysay. Ipinapanalangin ko na ang Salita ng Dios ay makapasok sa iyong puso at makita mo ngayon, bilang bantay, kung paano mo ito mailapat sa iyong buhay at matanggap ang gantimpala at paglingap ng Dios sa lahat ng iyong pagsusumikap. **“10 Sapagka’t ang Dios ay hindi liko upang limutin ang inyong gawa at ang pagibig na inyong ipinakita sa kaniyang pangalan, sa inyong paglilingkod sa mga banal, at hanggang ngayon’y nagsisipaglingkod kayo. 11 At ninanasa namin na ang bawa’t isa sa inyo ay magpakita ng gayon ding sikap sa ikalulubos ng pagasa hanggang sa katapusan: 12 Na huwag kayong mga tamad, kundi mga taga tulad kayo sa mga na sa pamamagitan ng pananampalataya at ng pagtitiis ay nagsisipagmana ng mga pangako.”** (Hebreo 6:10-12 KJV)

B. “36 At ipinamanhik sa kaniya ng isa sa mga Fariseo na kumaing kasalo niya. At siya’y pumasok sa bahay ng Fariseo at naupo sa dulang. 37 At narito, ang isang babaing makasalanang nasa bayan; at nang maalaman niyang siya’y nasa dulang ng pagkain sa bahay ng Fariseo ay nagdala siya ng isang sisidlang alabastro na puno ng unguento, 38 At nakatayo sa likuran sa kaniyang mga paanan na tumatangis, ay pinasimulan niyang dinilig ng mga luha ang kaniyang mga paa, at ang mga ito’y kinukuskos ng buhok ng kaniyang ulo, at hinahagkan ang kaniyang mga paa, at pinapahiran ng unguento. 39 Nang makita nga ito ng Fariseo na sa kaniya’y naganyaya, ay nagsalita sa kaniyang sarili, na sinasabi, Ang taong ito, kung siya’y isang propeta ay nakikilala niya kung sino at kung ano ang babaing ito na sa kaniya’y humihipo, na siya’y makasalanang. 40 At pagsagot ni Jesus ay sinabi sa kaniya, Simon, ako’y may isang bagay na sasabihin sa iyo. At sinabi niya, Guro, sabihin mo. 41 Isang may pautang ay may dalawang may utang sa kaniya: at ang isa’y may utang na limang daang denario, at ang isa’y limangpu. 42 Nang sila’y walang maibayad, ay kapuwa pinatawad niya. Alin nga sa kanila ang lalong iibig sa kaniya? 43 Sumagot si Simon at sinabi, Inaakala ko na yaong pinatawad niya ng lalong malaki. At sinabi niya sa kaniya, Matuwid ang pagkahatol mo. 44 At paglingon sa babae, ay sinabi niya kay Simon, Nakikita mo бага ang babaing ito? Pumasok ako sa iyong bahay, hindi mo ako binigyan ng tubig na ukol sa aking mga paa: datapuwa’t dinilig niya ang aking mga ng kaniyang mga luha, at kinuskos ng kaniyang buhok. 45 Hindi mo ako binigyan ng halik: datapuwa’t siya, buhat nang ako’y pumasok ay hindi humihinto ng paghalik sa aking mga paa. 46 Hindi mo pinahiran ng langis ang aking ulo: datapuwa’t pinahiran niya ng unguento ang aking mga paa. 47 Kaya nga sinasabi ko sa inyo, Ipinatawad ang kaniyang maraming kasalanan; sapagka’t siya ay umibig ng malaki: datapuwa’t sa pinatawad ng kaunti, ay kakaunti ang pagibig. 48 At sinabi niya sa babae, Ipinatawad ang iyong mga kasalanan. 49 At ang mga kasalo niyang nangakaupo sa dulang ng pagkain ay nagpasimulang nangagsabi sa kanilang sarili, Sino ito, na nagpapatawad pati ng mga kasalanan? 50 At sinabi niya sa babae, Iniligtas ka ng iyong pananampalataya; yumaon kang payapa.” (Lucas 7:36-50 KJV)

Ang nasa itaas ay kung ano ang nangyari at kung ano ang sinabi at tinalakay ni Jesus habang Siya ay nasa bahay ng Fariseo kung saan Siya’y pinahiran ng isang makasalanang babae. Tiningnan ng Fariseo ang mga lumang kasalanan ng babae ngunit nabigo siyang makita ang kanyang pagsisisi at ang ginawa niya para sa Panginoon. Hindi siya naging mabuting bantay at hindi niya nakilala ang ilang gawa na kaakibat ng pagsisisi ng babae:

1. Kahandaang maglingkod: Ang unang paglilingkod sa Dios ay ang ating pagsisisi. Sinabi ni Jesus sa Fariseo, **“Pumasok ako sa iyong bahay, hindi mo ako binigyan ng tubig na ukol sa aking mga paa: datapuwa’t dinilig niya ang aking mga paa ng kaniyang mga luha”.** Ang paghuhugas ng paa ay ang kahandaang maglingkod; upang maging mga lingkod at hindi panginoon. Sa **Lucas 7:38** babasahin natin, **“At nakatayo sa likuran sa kaniyang mga paanan na tumatangis,”** Ang babae ay mapagpakumbaba sapagkat siya ay nagmula sa likod at mula sa paang bahagi at hindi mula sa harap. Nakikita ni Jesus kung gaano siya nagpakumbaba dahil siya ay nagsisisi. Nakikita ni Jesus ang pusong wasak at espiritung mapagpakumbaba mula sa paraan ng kanyang pag-uugali. **“17 Ang mga hain sa Dios ay bagbag na loob: isang bagbag at may pagsisising puso, Oh Dios, ay hindi mo wawaling kabuluhan.”** (Awit 51:17 KJV) **Kailangan ang kababaang-loob para makapaglingkod tayo. Naiintindihan mo ba ang mensahe? Kailangan ang pagpakumbaba mula ngayon. Huwag umupo sa ulo ni Jesus kundi maging nasa Kanyang mga paa.**

2. Kahandaan na masira o mapahiya: “datapuwa’t pinahiran niya ng unguento ang aking mga paa.” Pinunasan ng babae ang mga paa ni Jesus gamit ang kanyang buhok. Handa siya kahit ialay ang kanyang kagandahan at isakripisyo ito para sa Panginoon. **Kapag gusto nating maglingkod, sa ilang sitwasyon makakaranas tayo ng mas mahirap na panahon na posibleng makaapekto sa ating pisikal na kondisyon at kagandahan dahil magkakaroon tayo ng kakulangan sa tulog, pagkain, at pahinga o maaapektuhan ng init ng araw o lamig sa taglamig. Ngunit dapat nariyan ang kahandaan na magsakripisyo.** Ang babaeng pumunas ng mga paa ni Jesus gamit ang kanyang buhok, bilang isang babae ay inaalaan niya ang kanyang buhok,

hinuhugasan, nilalagyan ng cream, at pinapaganda; ngunit pagdating sa mga paa ni Jesus, hindi na niya iniintindi ang kanyang kagandahan kundi ang maglingkod sa Dios at alagaan ang Kanyang mga bagay.

3. Kinakailangan ang pagbibigay nang marami: Kailangan nating gumawa ng mga kahanga-hangang bagay na karapat-dapat kilalanin. Ang babae ay nagbuhos ng pabango sa mga paa ni Jesus. Hindi siya nagbigay ng kaunti kundi marami. Nagbigay siya ng marami at mamahaling pabango. Kailangan nating magbigay nang marami ng mamahaling bagay para sa Dios. Sinabi ba sa Bibliya kung gaano karami ang ibinigay niya sa Panginoon? Sa *Mateo 26:7* Ito'y tungkol sa **“isang babae na may dalang isang sisidlang alabastro ng unguento na lubhang mahalaga,”** ngunit sa Juan sinabi kung gaano kalaki ang ibinigay niya; **“Bakit hindi ipinagbili ang unguentong ito ng tatlong daang denario, at ibigay sa mga dukha?”** (*Juan 12:5 KJV*) Ang ibinigay niya ay katumbas ng isang taong suweldo. Sa *Mateo 26:10* sinabi ni Jesus tungkol sa babae na nagawa niya ang isang magandang bagay sa Kanya. Nagawa niya ang isang magandang bagay kay Jesus; **“10 Datapuwa't nang mahalata ito ni Jesus ay sinabi sa kanila, Bakit ninyo binabagabag ang babae? sapagka't gumawa siya sa akin ng mabuting gawa.”** (*Mateo 26:10 KJV*) Kaya kailangan nating gumawa ng magagandang bagay para kay Jesus. Tanungin mo ang sarili mo ngayon, nakagawa ka na ba ng maganda para sa Panginoon? Sa *Mateo 26:13* sinabi ng Panginoon tungkol sa babae: **“Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Saan man ipangaral ang evangeliong ito sa buong sanglibutan, ay sasaysayin din ang ginawa ng babaing ito sa pagaalaala sa kaniya.”** Kailangan nating gumawa ng mga kahanga-hangang bagay na pahihintulutan at kikilalanin ng Panginoon.

4. Kadalisayan sa puso at layunin: Sa *Marcos 14:3* mababasa natin ang parehong kwento; dumating ang babae dala ang isang sisidlan ng alabastro na puno ng napakamahal na pabango, gawa sa napakahalagatang alabastro. **“At samantalang siya'y nasa Betania sa bahay ni Simon na ketongin, samantalang siya'y nakaupo sa pagkain, ay dumating ang isang babae na may dalang isang sisidlang alabastro na puno ng unguentong nardo na totoong mahalaga; at binasag niya ang sisidlan, at ibinuho sa kaniyang ulo.”** (*Marcos 14:3 KJV*) Ang salitang Griyego para sa ‘alabastro’ ay ‘Pistikos’, na nangangahulugang may kinalaman sa paniniwala, may kapangyarihang makapanghikayat, mahusay sa pagpapaniwala, mapagkakatiwalaan, tapat, na puwedeng asahan. Kinakailangan ang kadalisayan sa harap ng Dios. Bilang mga bantay lalo na, hindi lang natin kailangang gumawa ng mabuting gawain kundi dapat malinis rin ang ating motibo.

5. Kinakailangan ang pagbibigay nang may layunin: **“7 Inabi nga ni Jesus, Pabayaang ninyong ilaan niya ito ukol sa araw ng paglilibing sa akin.”** (*Juan 12:7 KJV*) Sinabi ni Jesus ang tungkol sa babae, **“Pabayaang ninyong ilaan niya ito ukol sa araw ng paglilibing sa akin.”** Nilayon na itabi niya ang pabangong ito para sa isang mabuting layunin. **Kaya may layunin, na itabi ang ilang mahalagang bagay at iaalay sa Dios, sa tamang panahon. Kaya't kailangan nating maging matalino sa ganitong bagay at sadyang gawin ang ganitong mga bagay.**

C. “4 Ang nagmamalas sa hangin ay hindi maghahasik; at ang tumitingin sa mga alapaap ay hindi aani.” (*Mangangaral 11:4 KJV*) Ang bantay na lalaki at babae ay hindi dapat makakita ng mga bagay at pangyayari na sa huli ay makakapagpahina sa kanila sa paggawa ng mga gawa ng Panginoon. Ang panonood ng TV, balita, notifications sa Facebook, ang mga bagay na ito ay magdudulot ng pagdududa, pagkabalisa, at panghihina ng ating pananampalataya at magpapahina sa atin na ituloy ang plano ng Dios at paggawa ng mabubuting gawa ng Panginoon. **Kaya mag-ingat at obserbahan kung ano ang pinapanood mo, dahil kung hindi, hindi ka makapagtatanim o makakaani ng mabubuting bagay para sa iyo, sa Panginoon, at sa Kanyang bayan.**

D. “1 Nguni't naghinanakit na mainam si Jonas, at siya'y nagalit. 2 At siya'y nanalangin sa Panginoon, at nagsabi, Ako'y nakikipanayam sa iyo, Oh PANGINOON, di бага ito ang aking sinabi, nang ako'y nasa aking lupain pa? Kaya't ako'y nagmadaling tumakas na patungo sa Tarsis; sapagka't talastas ko na ikaw ay Dios na mapabvgbiyaya, at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi ka sa kasamaan. 3 Kaya nga, Oh PANGINOON, isinasamo ko sa iyo, na kitlin mo ang aking buhay; sapagka't mabuti sa akin ang mamatay kay sa mabuhay. 4 At sinabi ng PANGINOON, Mabuti бага ang iyong ginagawa na magalit?” (*Jonah 4:1-4 KJV*) Ipinadala si Jonah ng Panginoon sa Nineveh upang ipangaral sa kanila ang mensahe. Matapos ang maraming pakikipaglaban sa kalooban ng Dios, sa wakas ay pumunta siya at ipinangaral ang mensahe sa kanila. Ngunit sa halip na siya'y manalangin at mamagitan para sa lungsod at sa mga kaluluwa sa Nineveh, nagalit si Jonah sa Dios at nagmamasid at umaasang sisirain ng Dios ang lungsod. **Ang ganitong masamang ugali ng bantay ay makakahadlang at makakagulo sa mga gawa ng Dios. Huwag maging sobrang mapanghusga at pangunahan ang Dios bago ang itinakdang oras. Magugulo mo ang sarili mo, maaabala ang iyong espiritu, at hindi mo magagawang masiyahan sa paghangad ng bunga sa iyong ministryo.**

E. “26 Datapuwa't ang asawa ni Lot ay lumingon sa likuran ni Lot, at naging haliging asin.” (*Genesis 19:26 KJV*) Sumuway ang asawa ni Lot sa utos ng Dios, **“Itakas mo ang iyong buhay; huwag kang lumingon o huminto man sa buong kapatagan; tumakas ka hanggang sa bundok, бага ikaw ay mamatay.”** (*Genesis*

19:17 KJV) Dapat inaabangan niya ang bagong plano at ang bagong buhay na inihanda ng Dios para sa kanya upang siya'y mailigtas at mabuhay ng may katuwiran. Ngunit sa halip, siya'y lumigon, at ang paglingon na iyon ang kumuha ng kanyang buhay. **“62 Datapuwa't sinabi sa kaniya ni Jesus, Walang taong pagkahawak sa araro, at lumilingon sa likod, ay karapatdapat sa kaharian ng Dios.” (Lucas 9:62 KJV)** Ang bantay na lalake at babae ay mga manggagawa sa ubasan ng Panginoon. Kailangan nilang tumingin pasulong at gawin ang mga bagay na nais ng Dios na gawin nila. **Ang mga pabago-bago at ayaw sumulong upang gawin ang mga gawa ay hindi karapat-dapat maging mga manggagawa para sa Kaharian ng Dios.**

Sa aking Mahal at Minamahal: * Ang iba't ibang halimbawa na tinalakay natin mula sa Banal na Kasulatan ay nagtuturo at naghihikeyat sa atin na maging tapat sa Dios at gampanan ang nararapat bilang mga bantay na lalake at babae para sa Panginoon, at gumawa ng mararangyang gawa at may mabuting layunin sa pagsunod sa mga utos ng Dios at Kanyang kalooban sa ating buhay. * Tinuturo sa atin ng lahat ng mga halimbawa na ito na huwag maging maliligaw at mag-isip ng mga maling bagay na hindi kapaki-pakinabang at hindi epektibo sa ministeryo at paglilingkod sa Panginoon. * Kaya, magising, bantayan ang iyong sarili ng mabuti at magsisi upang makita mo ang mga bagay ayon sa paningin ng Dios at gampanan nang mabunga para sa Kanyang kaluwalhatian.

Manalangin tayo..

Ang aking Panalangin: Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli sa ikatlong araw upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iba't ibang Banal na Kasulatan na natanggap ko sa mensaheng ito na nagdulot ng paggising sa aking buhay at salamat sa pagtuturo, pagtutuwid, at banat na natanggap namin mula sa iyong Salita.

Ipahayag at talikdan ang lahat ng iyong kasalanan. Ipahayag ang iyong galit, kakulangan sa pagpapakontrol sa sarili, kasakiman at pagiging makasarili. Ipahayag ang iyong mapanghusgang pananaw at pagtingin nang mababa sa iba. Ipahayag ang iyong kayabangan at kapalaluan. Ipahayag ang iyong hindi pagnanais na magbigay sa Dios at maglingkod sa Kanya. Ipahayag ang iyong hindi pagnanais na gawin ang mabubuting gawa na inihanda ng Dios para sa iyo. Ipahayag ang iyong pagiging makamundong tao, imoralidad at pagsasayang ng oras sa Media at kaibigan. Ipahayag ang iyong hindi pagnanais na magbigay sa Dios at sa Kanyang gawain. Ipahayag ang iyong kakulangan sa pagbabasa ng Bibliya at kakulangan sa panalangin. Panginoon, nagsisisi ako, patawarin mo ako sa mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, salamat sa iyong nakakahikayat na Salita sa akin. Panginoon, salamat sa pagpapakita sa akin ng aking mga kasalanan at kahinaan. Panginoon, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon, linisin mo po ang aking isipan at pakabanalin ako mula sa lahat ng kasamaan. Ipinagkakatiwala ko po sa aking sarili na ipagpatuloy ang paggawa ng mabuti at hindi malulunod sa kasamaan dahil alam ko po, Panginoon, na ikaw ang magbibigay sa akin ng gantimpala at ibabalik sa akin ang nararapat sa akin. Panginoon, ipinagkakatiwala ko po sa aking sarili na tumingin sa hinaharap, na marinig ang iyong tinig na gumagabay sa akin sa paggawa ng iyong kalooban at sa pagtatapos ng Iyong gawain. Panginoon, patuloy mo akong ipaalala ng iyong Salita lalo na sa panahon ng pagsubok at bigyan mo ako ng pagtitiyaga upang ipagpatuloy ang pagsunod sa Iyo at paggawa ng iyong kalooban. Panginoon, pahintulutan mo ako, tugunan ang aking pangangailangan, at protektahan upang maipagpatuloy ko ang paglilingkod sa iyo.

Panginoon, nanalangin ako para sa lahat ng Aking mga Kapatid na nag-alay ng kanilang buhay sa iyo. Panginoon, patuloy mong buksan ang kanilang mga paningin upang makita ang mga bagay sa paraan ng iyong nakikita. Panginoon, patuloy mo silang pamunuan na gawin ang mabubuting gawa na inihanda mo para sa kanila at gawin silang mga bantay na lalake at babae na mamunga at mabuting halimbawa sa iba.

Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong simbahan, at tulungan mo kaming patuloy na gawin ang iyong kalooban at turuan ang iyong bayan at gabayan sila sa iyong plano at layunin sa kanilang buhay. Panginoon, magpadala ka ng mas maraming manggagawa na maglilingkod sa iyo kasama namin. Panginoon, pamunuan mo kami na sanayin ang iba at manguna sa pangangaral at maabot ang mga bagong tao sa Mabuting Balita ni Jesu Cristo at sa mensahe ng Salita ng Dios. Panginoon, dalangin namin na bigyan mo kami ng kakayahan na magtanim ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at bagong kapisanan para sa simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin mo ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligtas mo kami mula sa kapahamakan upang hindi kami maramdaman ang sakit. Nawa ang ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikisama ng Banal na Espiritu ay sumain sa amin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com